Republic of the Philippines
**Department of Education**
National Capital Region
**DIVISION OF CITY SCHOOLS**
City of Mandaluyong
Tel. no. 533-60-85 Fax. no.532-71-17
E-Mail Address: depedmandaluyongy@gmail.com
Official Website: depedmandaluyong.wordpress.com

Nobyembre 20, 2014

DIVISION OF CITY SCHOOLS
RELEASED
BY: [signature]
DATE 11/21/2014 4:00 PM
MANDALUYONG

**MEMORANDUM**

PARA SA: Pansangay /Pampurok na Tagamasid
Punungguro, Pampublikong Paaralan, Lebel Sekondarya

**PANSANGAY NA TIMPALAK SA PAGGAWA NG MOVIE TRAILER, SHORT FILM AT INFOMERCIAL**

1. Bilang paghahanda sa Pambansa at Panrehiyong *Festival of Talents*, ipinagbibigay-alam sa lahat na ang sangay ay magdaraos ng timpalak sa paggawa ng Movie Trailer, Short Film at Infomercial sa Disyembre 5, 2014, 8:00 n.u. Ang pagdarausan ay malalaman sa araw bago ang timpalak.

2. Ang timpalak ay bukas para sa sumusunod:

| TIMPALAK | KALAHOK |
|---|---|
| 2 Minutong *Movie Trailer* | 5 mag-aaral mula sa Ikaapat na Taon |
| 7-10 Minutong *Short Film* (Tema-Pasko sa Pamilyang Pilipino) | 10-15 mag-aaral mula sa Baitang 9 |
| 1 Minutong *Infomercial* (Tema-Pagpapahalaga sa Pamilya) | 5 mag-aaral mula sa Baitang 7 o 8 |

3. Kalakip nito ang krayterya at tuntunin sa bawat timpalak.

4. Upang maiwasang magambala ang klase, iminumungkahi na ang mga magsisipagdalo ay ang mga gurong walang klase o ang mga nasa kasalungat na sesyon.

5. Ang anumang gugol para sa nasabing gawain ay manggagaling sa MOOE o pondo ng paaralang lalahok na sasailalim sa kinagawiang panuntunan sa pagsusuma at pag-aawdit.

6. Inaasahan ang daglian at malawakang pagpapalaganap ng **memorandum** na ito.

**NERISSA L. LOSARIA, CESO VI**
Nanunuparang Pinuno
Tanggapan ng Pansangay na Tagapamanihala

Republic of the Philippines
**Department of Education**
National Capital Region
**DIVISION OF CITY SCHOOLS**
City of Mandaluyong
Tel. no. 533-60-85 Fax. no.532-71-17
E-Mail Address: depedmandaluyongy@gmail.com
Official Website: depedmandaluyong.wordpress.com

## KRAYTERYA AT TUNTUNIN SA BAWAT TIMPALAK

### 1. MOVIE TRAILER

a. Ang mga kalahok ay magmumula sa ikaapat na taon na binubuo ng limang (5) mag-aaral. Isang grupo lamang sa bawat paaralan ang lalahok.
b. Ito ay tatagal ng hanggang 2 minuto. Ang 1 minutong higit sa itinakdang oras ay nangangahulugan ng 1 puntong kabawasan sa kabuuan ng marka.
c. Ang pagsasagawa ng Movie Trailer ay gagawin sa loob ng 2 oras pagkatapos ng panayam.
d. Ang paggawa ng Movie Trailer ay sa loob lamang ng paaralang pagdarausan. Ang anumang kuha sa labas nito ay idediklarang diskwalipikado.
e. Maaaring magdala ng kahit na anong props o mga kagamitan ang mga kalahok.
f. Ang mga kalahok ay magdadala ng kanya-kanyang laptop, flashdrive, camera at iba pang elektronikong kagamit na makatutulong sa pagbubuo ng Movie Trailer.
g. Hindi pinahihintulutan ang mga tagapagsanay na lumapit sa mga kalahok habang ginagawa ang pagso-shot at pag-eedit ng kanilang trailer.
h. Ang paksa ng Movie Trailer ay ibibigay pagkatapos ng panayam.
i. Habang ginagawa ang pagso-shot at pag-eedit ng mga kalahok ay isasagawa ang timpalak sa Short Film at Infomercial.
j. Ang mananalo sa timpalak na ito ang kakatawan sa sangay sa Panrehiyong Festival of Talents na gaganapin sa Sangay ng Makati.
k. Ang desisyon ng inampalan ay pinal at hindi na maaari pang baguhin.

**Batayan ng Pagmamarka**

| | |
|---|---|
| Anggulo at Kuha ng Kamera | - 25% |
| Sinematograpiya at Pag-iilaw | - 15% |
| Disenyong Pamproduksyon (makeup, props, kasuotan) | - 10% |
| Tunog at Musika | - 15% |
| Pagkakasunod-sunod ng Iskrip | - 15% |
| Kaangkupan sa Paksa | - 20% |
| | 100% |

### 2. SHORT FILM

a. Ang mga kalahok ay magmumula sa Baitang 9 na binubuo ng sampu (10) hanggang labinlimang (15) mag-aaral. Isang grupo lamang sa bawat paaralan ang lalahok.
b. Ito ay tatagal ng pito (7) hanggang sampung (10) minuto. Ang 1 minutong higit sa itinakdang oras ay nangangahulugan ng 1 puntong kabawasan sa kabuuan ng marka.
c. Ang pagsasagawa ng Short Film ay gagawin bago ang timpalak. Bahala ang mga kalahok kung saan nila nais mag-shot. Nangangahulugan

na pagdating nila sa pagdarausan ng timpalak ay panonoorin na lamang ang kanilang ginawa.

d. Ang paksa ng isasagawang Short Film ay "Pasko sa Pamilyang Pilipino".
e. Maaaring gumamit ng kahit na anong props o mga kagamitan ang mga kalahok sa kanilang pagso-shot.
f. Ang tanging dadalhin ng mga kalahok sa timpalak ay ang flashdrive na naglalaman ng kanilang Short Film.
g. Sa pagitan ng bawat Short Film ay ipakikita naman ang Infomercial.
h. Ang desisyon ng inampalan ay pinal at hindi na maaari pang baguhin.

**Batayan ng Pagmamarka**

| | |
|---|---|
| Anggulo at Kuha ng Kamera | - 25% |
| Sinematograpiya at Pag-iilaw | - 15% |
| Disenyong Pamproduksyon (makeup, props, kasuotan) | - 10% |
| Tunog at Musika | - 15% |
| Pagkakasunod-sunod ng Iskrip | - 15% |
| Kaangkupan sa Paksa | - 20% |
| | 100% |

**3. INFOMERCIAL**

a. Ang mga kalahok ay magmumula sa baitang 7 o 8 na binubuo ng limang (5) mag-aaral. Isang grupo lamang sa bawat paaralan ang lalahok.
b. Ito ay tatagal ng hanggang 1 minuto. Ang 30 segundong higit sa itinakdang oras ay nangangahulugan ng 1 puntong kabawasan sa kabuuan ng marka.
c. Ang pagsasagawa ng Infomercial ay gagawin bago ang timpalak. Bahala ang mga kalahok kung saan nila nais mag-shot. Nangangahulugan na pagdating nila sa pagdarausan ng timpalak ay panonoorin na lamang ang kanilang ginawa.
d. Ang paksa ng isasagawang Infomercial ay "Pagpapahalaga sa Pamilya". Hindi kailangang mag-endurso ng kahit na anong produkto. Ang patalastas na gagawin ay nakatuon sa pagpapahalaga sa pamilya.
e. Maaaring gumamit ng kahit na anong props o mga kagamitan ang mga kalahok sa kanilang pagso-shot.
f. Ang tanging dadalhin ng mga kalahok sa timpalak ay ang flashdrive na naglalaman ng kanilang Infomercial.
g. Sa pagitan ng bawat Short Film ay mapapanood ang Infomercial.
h. Ang desisyon ng inampalan ay pinal at hindi na maaari pang baguhin.

**Batayan ng Pagmamarka**

| | |
|---|---|
| Anggulo at Kuha ng Kamera | - 25% |
| Sinematograpiya at Pag-iilaw | - 15% |
| Disenyong Pamproduksyon (makeup, props, kasuotan) | - 10% |
| Tunog at Musika | - 15% |
| Pagkakasunod-sunod ng Iskrip | - 15% |
| Kaangkupan sa Paksa | - 20% |
| | 100% |